

AN ANALYSIS AND TRANSLATION INTO FILIPINO OF IBANAG PROVERBS

Corazon M. Matammu
Cagayan State University
corazimatammu@gmail.com

Abstract: This research is being done with the intention of determining which Ibanag proverbs belong to certain ethnolinguistic groups so that they can be examined and translated into Filipino. In this study, a qualitative descriptive approach was taken to data analysis. The Ibanag language was spoken by the residents of numerous barangays in the city of Tuguegarao, where data was collected. The wisdom inherent in the Ibanag proverbs was elucidated and made more readily available to readers after they were translated into Filipino. According to the findings of the study, different subjects connected to the way of life and traditions of the indigenous Ibanag people who live in Cagayan, particularly in the city of Tuguegarao, are reflected in the proverbs. A fact that, when taken together, describes and exemplifies their instinct. As well as evidence that even in modern times, people still listen to these proverbs, continue to utilize them, particularly when offering guidance to younger generations, and continue to incorporate them into their everyday lives.

Keywords: Ibanag, Filipino, proverbs, ethnolinguistic group,

ISANG PAGSUSURI AT PAGSASALIN SA WIKANG FILIPINO NG MGA SALAWIKAIN NG IBANAG

Abstrak: Ang pag-aaral na ito ay tutukoy sa mga salawikain ng isang etnolinggwistikong pangkat, ang Ibanag upang masuri at maisalin sa wikang Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong deskriptibong analisis. Kinolekta ang mga datos sa ilang barangay ng lungsod ng Tuguegarao na nagsasalita ng wikang Ibanag. Sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga salawikaing Ibanag sa wikang Filipino, luminaw ang paksang nakapaloob sa mga ito. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga salawikain ay nagpapakita ng iba't ibang paksa na may kinalaman sa paraan ng pamumuhay at kaugalian ng mga katutubong Ibanag sa Cagayan partikular sa lungsod ng Tuguegarao. Isang katotohanan na naglalarawan at nagpapakilala sa kanilang pagiging katutubo. At patunay rin na hanggang sa kasalukuyan ay naririnig at ginagamit pa ang mga salawikaing ito lalo na sa pagbibigay payo sa mga kabataan at bahagi pa rin ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Susing salita: Ibanag, Filipino, salawikain, pagsusuri, pagsasalin

I. INTRODUKSYON

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang anyo ng panitikang naglalarawan sa kulturang Filipino. Kaya naman naging masigla at malinaw ang suporta ng gobyerno sa pagpapanatili at pagpapahalaga sa mga panitikang pambansa na isinasaad sa Artikulo XIV seksyon 15 ng Konstitusyon ng 1987 "Ang pamahalaan ay tumatangkilik sa pambansang pagkakakilanlan, hindi lamang dapat panatilihin ang kulturang Pilipino kundi dapat itong linangin. Sa pagpapanatili sa mga pamanang kultural, mahalagang bigyang pansin ang kaugalian, tradisyon, paniniwala at kawilihan ng mga pamayanang may etnikong kultura dahil sa mga pag-aaral na ganito, makikita ang paglinang at pagpapahalaga sa mga sining ng tunay na Pilipino."

Si Bangan, 1976 ay kahanga-hanga sa kanyang pag-aaral dahil sa dami ng nalikom niyang panitikang bayan ng Ibanag, gaya ng salawikain, bugtong, kwentong bayan at iba pa na isinalin sa wikang Ingles. Naging hamon sa kanya ang pagsasalin sa mga panitikang bayan na dapat pahalagahan at pagtuunan ng pansin ng mga iskolar at mga mag-aaral na nakatuon sa mga pananaliksik sa mga katutubong panitikan.

Ang mga katutubong Ibanag sa Lungsod ng Tuguegarao ay nais makibahagi sa gawaing pagpapanatili at pagpapahalaga sa mga panitikang bayan tulad ng mga salawikain ng Ibanag upang makatulong sa mga naunang pag-aaral na nangolekta at nagsalin. Ang pag-aaral na ito ay nais ding suriin ang mga salawikain ng Ibanag upang lubusang maunawaan at mapahalagahan ang kayamanang taglay ng mga ito. Naniniwala ang marami sa mga iskolar na sa panitikan naipadarama at naipahahayag ang damdamin at kaisipan ng mga tao. Mula sa panitikan masasalamang ang kanilang mga tradisyon, kaugalian, pamumuhay, paniniwala, pamahalaan, at kultura ng mga mamamayan.

Ang panitikan ay naisasalin sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng oral na tradisyon, at hindi matatawaran ang ginampanang tungkulin ng paraang ito upang mapanatili sa isipan ng tao ang kanilang karanasan, paniniwala, tradisyon at pamumuhay. Kasabay ng pagsulong ay ang pag-unlad ng kapaligiran at ng pamumuhay ng tao. Lahat ng bagay ay nagbabago, kaya naman kasabay ng mga pagbabagong ito ay ang pagpapanatili ng mga panitikang oral sa paraang pasulat at sa paraang elektroniko upang ang mga karanasan, pamumuhay, paniniwala, kaugalian at pamahalaan ng mga tao ay hindi makalimutan sa kabila ng mabilis na impluwensiya ng pagbabago.

Ang Ibanag ay may panitikang bayan gaya ng salawikain na kinapalooban ng kanilang mga katangiang maaaring ikinaiba o kapareho sa ibang pangkat etnolinggwistiko. Nakapaloob sa mga salawikain ang aspektong moral, ispiritwal, sosyal at politikal. Ito ay kinapupulutan ng aral upang magkaroon ng maayos na pamumuhay at maging katanggap-tanggap sa lipunang kanilang kinabibilangan. Dagdag pa na nais mapabilang ng panitikang Ibanag sa mga Literaturang Rehiyunal na salin sa Filipino ni Bienvenido Lumbea.

Sa madaling salita, pinaniniwalaan na ang mga salawikain ay panitikang bayan na humuhubog at nagbibigay kahulugan sa pamumuhay ng mga etnikong pangkat sa Lungsod Tuguegarao. Sa pamamagitan din nito ay maaaring matukoy ang katangiang mayaman ang panitikang bayan ng Ibanag at masusuri ang kaugnayan ng mga ito sa kanilang pamumuhay at paniniwala. Hangaring malikom ang mga salawikain upang maisalin sa wikang naiintindihan ng nakararami. Ang mga katutubong panitikan ay naglalarawan sa mga katutubo, sa kanilang kultura at tradisyon at ang kanilang mga katangiang maaaring ikinaiba o katulad ng sa iba pang mga katutubo, gayundin ang kanilang bayang kinagisnan at ang kinabibilangang pangkat etniko.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay tutukoy sa mga salawikain ng isang etnolinggwistikong pangkat, ang Ibanag upang maisalin sa Filipino at masuri bilang pagpapahalaga sa panitikan.

Mga Tiyak na Layunin:

1. Malikom ang mga salawikain ng Ibanag
2. Maisalin sa Filipino ang mga salawikain ng Ibanag
3. Masuri at mapahalagahan ang mga salawikain ng Ibanag

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Binanggit ni Walter Benjamin sa kanyang *Theories of Translation* ang pamamaraang malayang pagsasalin na sa pamamagitan ng muling paglikha ng akdang orihinal ay maaalis ang balakid ng katutubong wika sa iba pang wikang banyaga na sinang-ayunan naman ni Goethe sa pagsasabing isang matalinong pagpapasya ang paggamit ng malayang pagsasalin. Ipinaliwanag pa ni Walter na ang tunay na pagsasalin ay dapat na malinaw, hindi ito pinalalabo kundi tinitingnan nito ang katutubong wika bilang pantulong upang ito ay lalong maging malinaw. Upang manatiling buhay, kailangang maisatitik ang mga akdang isasalin at bigyang konsiderasyon ang paglikha ng linggwistika nito. Ang walong metodo ng pagsasalin ay pinangkat ni Newmark (sa Almario et al.1996) sa dalawa. Ang unang pangkat ay nagbibigay halaga sa orihinal na wika at ang ikalawang pangkat naman ay sa target na wika. Sa partikular, ang pamamaraang komunikatibong salin ang higit na gagamitin, hindi lamang nagiging tapat sa pagpapakahulugan ang tagasalin, ngunit maging sa konteksto ng mensahe at nailipat niya ito sa paraang madaling tanggapin ng bagong mambabasa dahil ang ginagamit na wika ay yaong karaniwan at payak. Si Batnag ay nagsabing ang mga panrehiyong panitikan ay higit na nagiging kawili-wili kung ito ay naisalin sa Filipino nang sa gayo'y maintindihan ng nakararami. Napauunlad nito ang panitikang pambansa. Mahalaga ang ugnayan ng panitikang panrehiyon at panitikang pambansa. Kapwa may natatanging bisa ang dalawang ito na higit na maisasakatuparan sa pagsasalin. Ang bawat rehiyon o probinsya ng ating bansa ay may mga manunulat na nagnanais maipaabot sa mga mambabasa ang yaman ng kanilang kultura, ang damdamin at pananaw nila sa bawat naisulat na mga maikling-kwento, nobela, alamat, awitin at iba pa ngunit kung minsan ay may mga hadlang din kung paano maipararating ang mga mensahe na nakapaloob sa mga akdang panliteratura lalong-lalo na sa mga akdang rehiyunal na gamit ang bernakular na lenggwage. Si Dapar na nabanggit sa pag-aaral ni Tupaz siya'y gumawa ng pagsasalin ng tulang Cebuano

<https://ijase.org>

at ang layunin niya ay upang mapaabot sa kamalayan at kaalaman ng lahat at ng buong Pilipinas ang mga tula ng kulturang Bisayang Cebu. Dugtong pa ni Tupaz na dapat maisalin sa Filipino ang mga panitikang panrehiyon at mailathala para maging bahagi ng panitikang pambansa dapat hindi lamang ang mga panitikang Tagalog o mga naisulat ng mga taga-Luzon ang dapat gamitin sa pagtuturo ng panitikan. Dapat pahalagahan din ang mga panitikang panrehiyon.

Ang panitikan ay sumasalamin sa kultura ng isang lugar, tinatalakay ang iba't ibang damdamin, naglalarawan ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pagibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkamuhi, pagkapoot, paghihiganti, sindak at pangamba. Ito ay dapat pagyamanin at ituro nang wasto.

Ang Panitikan ay salamin ng lahi. Nasisinag sa panitikan ang mga karanasan ng isang bansa ang mga kaugalian, mga paniniwala, mga tradisyon, pangarap at lunggatiin ng isang lahi (Bisa,1987). Isang pinakamabisang sangkap sa bansa ay ang panitikan para sa pagkakakilanlan ng kakanyahan o identidad nito. Maging pasalita o pasulat man ang kaanyuan nito, malinaw na masisinag sa panitikan ang mga mithiin, damdamin, layunin, adhikain, pangarap at landas na gustong tahakin ng mga mamamayang bumubuo sa bansang ito. Ang karunungan bayan ay isang halimbawa ng anyo ng panitikan.

Ayon kay Zeus Salazar (1995) na isang mahusay na manunulat inilarawan niya ang panitikan bilang isang lakas na nagpapagalaw sa lipunan. Dinagdag pa niyang isa itong kasangkapang makapangyarihan na maaaring magpalaya sa isang ideyang nagpupumiglasupang makawala. Sa aklat na isinulat ni Bendalan (2013) ang mga karunungan bayan ay mababakasang mga kaugalian, asal, gawi at katangian na tanging atin lamang. Ito'y mga kaban ng yaman ng lahing kayumanggi. Sa katunayan, ang karunungan bayan ay binubuo ng mga bugtong, salawikain, kasabihan at palaisipan. Ang mga salawikain ay nagpapahayag ng aral at nagiging batayan ng magandang pag-uugali. Nakaugalian na itong sabihin at nagsisilbing tagapagpaalala ng mga tuntuning kagandahang asal ng ating mga ninuno (Macaraig 2005).

Sinabi ni Lope K. Santos (1963), ang salawikain ay isa sa mga karunungan napag-aralan ng tao, hindi sa mga kasulatan kundi sa mga aklat ng karanasang nabatid at nagpasalin-salin sa bibig ng matatanda. Ito'y parang parabulang patalinghaga at nagbibigay ng aral, lalo na sa mga kabataan.

Si Eugenio na nabanggit sa pag-aaral ni Siplac (2013) ay nagpahayag na ang salawikain ay maaring hatiin ayon sa pangkat; 1) nagpapahayag ng panlahat na paningin sa buhay at sa batas ng buhay, 2) pangmabuting asal, 3) nagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao, 4) nagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng mga tao, 5) nakapagpapatawa at 6) iba pang pangkat.

II. METODOLOHIYA

Lugar ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nakatuon sa paglilikom ng mga salawikain (unoni) ng mga Ibanag ng Lungsod ng Tuguegarao. Ang lungsod ng Tuguegarao ang siyang kapital na bayan at ang sentro ng rehiyon na ang wikang sinasalita ay Ibanag. Isa ang Tuguegarao sa 29 na bayan ng Lambak ng Cagayan.

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga residente ng Tuguegarao na nagsasalita ng Ibanag. Nakararami ang mga matatanda sapagkat ang panitikan ay makikita sa mga sinaunang henerasyon at sila ang patuloy na gumagamit nito na siya ring tagapagsalin sa mga susunod na henerasyon. Kinailangan ding kapanayamin ang mga respondente na ang edad ay 40 pababa upang makapagbigay ng detalye kung ang mga nabanggit na mga salawikain ay ginagamit at pinahahalagahan pa rin sa kasalukuyan.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong deskriptibong analisis. Kinolekta ang mga datos sa ilang barangay ng lungsod ng Tuguegarao. Ang pag-aaral ni Bangan 1976 sa panitikang Ibanag na isinalin sa Ingles ay nakatulong bilang karagdagang panitikan.

Ang pangangalap ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng impormal na interbyu sa mga napiling kalahok sa pag-aaral. Ginamit sa pagsasalin ng mga salawikain sa Ibanag ang teorya ni Newmark, ang komunikatibong salin.

Ang kwalitatibong paglalarawan ang ginamit upang masuri at mapahalagahan ang mga salawikain ng mga Ibanag. Sa ganitong paraan ay malinaw na mauunawaan at magkakaroon ng identidad ang mga Ibanag upang mapanatili ito.

III. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA

Mga salawikaing ang paksa ay tungkol sa kasipagan:

Mga salawikain ng Ibanag tungkol sa kasipagan. Nakagawian na ng mga magsasaka na bumangon nang maaga upang pumunta sa tumana upang bisitahin ang mga pananim nila. At kung dumating ang anihan man o pataniman ay nagkakaroon ng bayanihan “pagguru uffun” kung tawagin na hanggang sa kasalukuyan ay buhay pa rin sa mga Ibanag at makikita ito sa iba’t ibang barangay ng lungsod Tuguegarao. Ang mga Cagayano ay tubong nasa tabi ng ilog, dagat at kapatagan na siyang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan kaya naman ang iba’t ibang paraan ng pamumuhay ay litaw pa rin sa alinmang sulok ng bayan at mga barangay na gaya ng lungsod ng Tuguegarao.

Salawikain sa Ibanag (Unoni)	Salin sa Filipino
Y talakag, makkappag,	Ang tamad, maghihirap,

Y nalappo, massappo.	Ang masipag, magpapasarap.
Y magguyu, makesimmu.	May mapapala ang masipag
Y magaleg, makakaleg	Ang naghahanap, may mahahanap.

Umusbong man ang makabagong teknolohiya sa pagsasaka, makikita pa rin sa mga Ibanag ang bayanihan “pagguru uffun”, sinabi ni Versoza na binanggit sa pag-aaral ni Iringan 2006 na ang pagsulong sa buhay ay may kaugnayan sa kanyang pakikisalamuha sa kapwa. Isang katangiang katangi-tangi sa mga Ibanag. Ang ikatlong salawikain o unoni ay nagpapakita ng kasipagan sa kabila ng kahirapan, ipinahihiwatig na ang mga Ibanag ay likas na masipag dahil kahit anong hirap kaya nilang tiisin makaraos lamang sa pang-araw-araw. Ang kasipagan ayon sa kanila ay magdadala ng kaginhawaan sa buhay.

Salawikain sa Ibanag (Unoni)	Salin sa Filipino
Ari mariga y mattolay, Nu ammu y makipattadday	Hindi mahirap ang mabuhay, Kung marunong kang makibagay.
Kukku nga makagi nga masserbi nga laman ta awayya, Masserbi nu masserbi, ari gapa nu ari.	Sabi ko nga Magsilbi lamang sa kaya ko magsilbi kung magsilbi, hindi kung hindi.
Ke ziga na mariga fuersadu la nga lukka, Ikaya na y magibannag, fuersadu la nga malukag.	Kay hirap maging kapus- palad Napipilitang gumising nang maaga, Kahit sa gabing gustong mamahinga Kailangan pa ring idilat mga mata.

Mga salawikaing ang paksa ay tungkol sa pagmamahalan:

Ang mga ito ay nagpapaalala sa mga dapat gawin ng dalawang taong nagmamahalan upang ang pagsasama nila ay magtatagal. Ipinapakita sa mga salawikaing ito na litaw ang pagiging mapagmahal ng mga Ibanag. Hindi lamang pagmamahal sa karelasyon kundi maging sa pamilya, at sa kapwa.

Salawikain sa Ibanag (Unoni)	Salin sa Filipino
Kayu nga mearanni ta afi, Maffugab tu matuggi.	Ang kahoy na malapit sa apoy, Tiyak na mag-aapoy.
Y aya nga makaarara, Mabi sa lubbe i lura.	Ang relasyong minamadali, Ay madali ring mawala.

Y aya nga metuttulum, Ay maffugab tu manayun.	Ang pag-ibig na may pagitan, Ay maaaring magtagal.
Y aya nga kapagan, Ay mabi mapawan.	Ang biniling pag-ibig, Ay madaling makalimutan.
Y futu nga napannu ta aya, Y zila i mamalappa.	Ang pusong puno ng pag-ibig, Ay naipadarama ng bibig.
Awan tu kagitta na kekurug Na lappao na mabangug Tabba na tu mallelay Awan sa tu maya nga mallipay.	Walang katulad sa pagtatangi Sa mabangong bulaklak, Di tulad ng bulaklak na lanta Walang lumingon ni isa.
Attay i kuman ta balayang Ta futu ay pagiddu sa y kuman.	Kalawang ang sumisira sa bakal, Sa puso nama'y pagmamahal.

Mga salawikaing ang paksa ay tungkol sa kagandahang asal:

Ang mga salawikain ay nagpapahayag ng aral at nagiging batayan ng magandang pag-uugali. Nakaugalian na itong sabihin at nagsisilbing tagapagpaalala ng mga tuntuning kagandahang asal ng ating mga ninuno (Macaraig 2005). Hanggang ngayon ay ginagamit pa rin ang mga salawikaing ito sa pagpapaalala ng mga magulang sa kanilang mga anak. Walang ibang nais ituro ang mga magulang kundi kabutihan para sa mga anak. Sinasabi ng mga salawikaing ito na dapat pahalagahan ang mabubuting pag-uugali higit sa anumang bagay.

Ang pagpapakumbaba rin ay kailangang gawin kahit pa nakaaangat sa buhay. Sa mga Ibanag, isang malaking isyu sa komunidad kapag nagbago ang ugali dahil sa pag-angat sa buhay. At kapag nakikita na ng mga nakatatanda ang ganitong ugali, madalas na ito ang kanilang sinasabing paalala:

Ari ka mamappalla ta bagu ka la nappaya,
vulawan paga I kukum ammu y ginafu-gafum.

Kung isasalin sa Filipino ay, “Huwag kang magmayabang dahil bago ka lang nagkapakpak, Ginto man ang iyong kuko, alam ko ang pinanggalingan mo.”

Tinuturuan din ng paggalang ang mga anak katulad ng pagbati kapag dumaraan o pumupunta sa ibang bahay, ang salitang “Dios” ay madalas na maririnig bilang pagbibigay galang di lamang sa mga matatanda kundi sa lahat ng tao. Ito'y patunay na likas na magalang ang mga Ibanag.

Salawikain sa Ibanag (Unoni)	Salin sa Filipino
Y kayu ta kalapo na Mabi i katunung na.	Ang kahoy habang mura pa, Ay naitutuwid pa.
Pakkulammu i kayu, ta kabbing na.	Hubugin ang kahoy, habang bata pa.

Y pisi ni Pedru, nalebittag kani Juan.	Ang palo kay pedro, nagmarka kay Juan.
Aya anna pagiddu ta futu, Sirik anna nakam gapa ta ulu.	Pag-ibig at pagkalinga sa puso, Galing at dangal naman ang sa ulo.
Awan nikaw tu mesimmu, nu ginammu i tuddu.	Wala namang mangyayari sa iyo, Kung makikinig ka sa payo.
Maski vulawan balem, nu marake kustumbrem.	Bahay mo man ay ginto Kung masama ang ugali mo.
Mammula ka ta napiya, Gattabammu noka lagapa.	Magtanim ka ng mabuti, Ang aanihin mo rin ay buti.
Y ari magginna ta tabarang Tullung ta azzigatan.	Ang hindi nakikinig sa payo, Kahirapan ang mararanasan mo.
Makadde ta manakam, Y tolai nga magginna ta tabarang.	Nakakaabot hanggang sa pagtanda, Ang taong nakikinig sa payo.
Awan tu serbi na giniguiammu na tadday na pinaratu, Nu ariammu ammu iripa y kavvulun na amazzigariga.	Walang silbi ang pinag-aralan ng isang nilalang, Kung sa naghihirap na kapwa di tumutulong.
Ari ka mamappalla ta bagu ka la nappaya, vulawan paga I kukum ammu y ginafu- gafum.	Huwag kang magmayabang dahil bago ka lang nagkapakpak, Ginto man ang iyong kuko, alam ko ang pinanggalingan mo.
Kukua anna kekakua Panawammu la noka Ta ya la mevulun Y sippo anna tunung	Ang kayamanan at mabuting gawa Ilwan din kalaunan Dahil ang dadalhin lamang Ay ang bait at tamang gawa.
Pare nakuan ta manayun Y inango ta davvun Tape manayun gapa Y pangngua ta mapia.	Sana'y magtagal ang buhay sa lupa upang magtagal din ang paggawa ng kabutihan.
Sikaw nga mattalebak Mad Dios ka ta manawak Ari ka kunne ta kitu Nga mattalebak ta arubang ku.	Ikaw na dumaraan Bumati ka naman Huwag kang tumulad sa aso Kung daraan sa harap ko.

IV. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kongklusyon

Sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga salawikaing Ibanag sa wikang Filipino, luminaw ang paksang nakapaloob sa mga ito. Ang mga paksa ay may kinalaman sa paraan ng pamumuhay at kaugalian ng mga katutubong Ibanag sa Cagayan partikular sa lunsod ng Tuguegarao. Isang katotohanan na naglalarawan at nagpapakilala sa kanilang pagiging katutubo. At patunay rin na

hanggang sa kasalukuyan ay naririnig at ginagamit pa ang mga salawikaing ito lalo na sa pagbibigay payo sa mga kabataan at bahagi pa rin ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Rekomendasyon

Ang pangkat etnikong Ibanag ay dapat na gumanap ng tungkuling gamitin at pahalagahan ang panitikang lokal, ang mga salawikain sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa nilalaman ng mga salawikaing Ibanag sa mga batang miyembro ng pamilya. Sa ganitong paraan ay mapananatiling buhay ang mga aral na nakapaloob sa mga salawikain.

Ipagpatuloy ng mga ahensya na tumulong sa pagpapanatili at pagpapahalaga sa mga panitikang lokal hindi lamang sa pagtitipon ng mga ito. Sa partikular ang ahensya ng edukasyon upang magamit na sanggunian ng mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue Based-Multi Lingual Education.

Mga Sanggunian

- Arrogante, Jose A.(1991).Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Filipino. National Book Store
- Bangan, Edna (1976). Ibanag Folk Literature
- Bautista, V.(1998). Isang Pag-aaral at Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Piling Kwentong-bayan ng mga Ibanag. Di nalathalang Tesis.
- Bauza, H. (1990). Readings on Ibanag Culture
- Bernales, Rolando et al.(2013). Filipno 2 sa Kolehiyo: Pagbasa, Pagsulat, Pananaliksik. Mutya Publishing House,Inc.
- Eugenio, D., ed. (2019). Philippine Folk Literature: An Anthology. Quezon City: The University of the Philippines Folklorists Inc., 1982
- Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza.(1996). Mga Piling Diskurso sa Wika at Panitikan.UP Press
- Lorenzo, C. (2001). Literatura ng Iba't ibang Rehiyon ng Pilipinas. Grandwater Publication and Research Corp.
- Lumbera, Bienvenido.(2000).Pag-aakda ng Bansa.UP Press
- Macaraig, M.(2005). Sulyap sa Panulaang Filipino. Rex Book Store.
- Panganiban, J.V., et al. (1998). Panitikan ng Pilipinas. Rex Book Store. Manila, Philippines



Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino. (1998). Pagpapahalaga sa Panitikan ng Pilipinas. Grandwater Publications and Research Corporation.

Santiago, Alfonso.(1994). Sining ng Pagsasalingwika. Rex Book Store.

Santiago, E. . (1989). Panitikang Pilipino. Mandaluyong City: National Book Store

Siplac, Grace L.(2021). Salin-suri sa mga Salawikain ng mga Itawes: Isang Komunikasyong Dulog